KIDS GOD WORSHIP
www.kidsworship.kr

10st Story

# Ipangaral ang tungkol sa ating Diyos!



**Narration** Isang araw. Sina Pablo at Bernabe kasama ang kanilang grupo ay nagturo ng Salita ng Diyos sa Listra. Habang si Pablo ay nangangaral ng Salita ng Diyos, may isang tao doon na lumpo na ng isinilang at siya ay nakikinig sa pangangaral ni Pablo. Habang nagsasalita si Pablo ay tinitigan niya ang lumpo.



**Paul** Ang taong iyon na nakaupo doon ay tutok na tutok sa aking pagsasalita, makikita mo sa kanya na umaasa siya at nananampalataya siya sa ipinapangaral ko.

**Narration** At nagsalita ng malakas si Pablo.



**Paul** Ikaw!!! na naka-upo riyan!

**Disabled** Aaaaahh-ako? ako ba ang tinutukoy mo?

**Paul** Tumayo ka ngayon at tumindig ng matuwid!

**Disabled** Po? Ahhh ehhhh… sige po... Uh, huh..? parang lumakas ang mga binti ko?

**Narration** Tumayo nga ang lumpo at nagsimulang lumakad.



**Disabled** Hwaaahhhhh! Nakakamangha!!!! nakakalakad na ako!!! Lahat kayo, tignan ninyo ako, nakakalakad na ako ngayon!!!

**People** (Sobrang namangha sa pangyayari.)

**Man 1** Wawwwwww!!!!! paanong nakakalakad ang taong iyon?

**Man 2** Paano nila nagawa ang himalang ito?



**Man 3** Tama!!!! Ito ay isang himala, isang himala!! Ang taong nagpagaling sa lumpong iyon ay siguradong ang ating mga diyos na bumaba mula sa langit!

**Man 4** Tama! Ang ating mga diyos ay nagpakita sa atin! Ang taong iyon na magaling magsalita ay maaring ang diyos na si Hermes at yung isa naman ay si Zeus.

**Narration** Ang mga tao ay nagkagulo, may nagsasabing ang mga diyos ng langit ay bumaba. Ang pari ni Zeus ay nagdala ng mga toro at mga kuwintas na bulaklak sa may pintuan ng lungsod. Nais ng pari at ng mga tao na maghandog sa mga apostol.



**Priest** Uh-huh~ Bumaba ang mga diyos~~

**Narration** Nakita nina Bernabe at Pablo ang ginawa ng mga tao, kaya't labis silang nalungkot.

**Paul** Mga kapatid, ano ba itong ginagawa niyo? Kami ay mga tao ring katulad ninyo!

**Man 1** Hindi ka diyos? Kung ganun sino kaba? (parang nakikipaglabanl.)






**Barnabas** Kami ay naririto upang ipangaral ang Salita ng Diyos sa inyo, na dapat na ninyong talikuran ang mga walang-kabuluhang diyus-diyosan, at kilalanin ninyo ang buhay na Diyos.

**Paul** Ang Diyos na sinasabi namin ay ang lumikha ng langit, lupa, dagat, at lahat ng nakikita ninyo. Ang Diyos na ito ang siyang nagbibigay ng ulan mula sa langit, ginagawang mabunga ang mga puno, at nagbibigay ng pagkain sa inyo mapa-hanggang ngayon.

**Barnabas** Sinasabi lang namin sa inyo kung sino ang nag-iisang Diyos, huwag ninyong isipin na kami ay mga diyos.

**Narration** Matapos ipaliwang ng dalawang apostol ang Magandang Balita sa mga tao, pinigilan din nila ang mga tao na maghandog sa mga diyus-diyosan. Nalaman ng mga tao kung sino talaga ang Diyos sa pamamagitan ng pakikinig sa turo ni Bernabe at Pablo. Naging mas lalong masigasig si Bernabe at Pablo na ipangaral ang Salita ng Diyos at ipinangaral nila kung sino si Jesucristo maging sa mga malalayong lugar.